Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna



## OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

bisyon. Matapos matalakay ng isa-isa ang mga hinaing ay pinagpasiyahan ng kapulungan sa mungkahi ni Kag. Puzon na iliwat ang paksa sa Lupon para sa Batas upang siyang mag-aral at magrekomenda ng nararapat na hakbangin.

KAUTUSANG BAYAN BLG. XLV-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Puzon)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang LABING LIMANG LIBONG PISO (₱15,000.00) mula sa palaang nakatalaga sa RATA ng Kabataang Barangay Chairman upang maiukol sa pagbili ng mga panambak (filling materials) na gagamitin sa iba't-ibang barangay at pag-aari ng pamahalaan, at ililipat sa Pondong-Imprastraktura.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 569-'91
PROVINCIAL BOARD
Oktubre 23, 1991

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

**************

Sa puntong ito ay ipinabasa ng Nanunungkulang Punong-bayan ang isang "Utos" mula sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board na nagsasaad ng pansamantalang magiging singilin ng mga Pampasaherong Traysikel ay ₱1.75 para sa unang kilometro at karagdagang ₱0.50 para sa susunod na kilometro sa bawa't pasahero, pansamantalang ang petisyon ng mga mamamayan na maging ₱1.50 ang bayad sa mga traysikel bawa't pasahero sa dahilang nagbaba na ang halaga ng gasolina noong Ika-14 ng Agosto, 1991. Ang pagpapatalastas ay iniatang ng kapulungan kay Kag. Tiongco. Ipinayo ding magdaos ng pulong sa pamamagitan niya upang maiparating sa mga kinauukulan ang kabuuang paksa ng "Utos".

Kaugnay ng naunang paksa ay nagpasiya ang kapulungan na ituloy na ang pagdinig sa kahilingan ni CPL Lolita Cuyos na madinig sa pagpupulong na yaon ng Sangguniang Bayan. Kinilala ng kapulungan ang pagdalo ng Pinuno ng Trapiko at siya ay pinahintulutan ng kapulungan na ipaliwanag kung bakit niya hiniling na siya ay makadalo sa pagpupulong na ginaganap.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan
Nanunungkulang Punong-bayan

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad